Bagong Balita

Oktubre 27, 2009

Nagtatag ang USCIS ng Transitional Worker Program para sa CNMI

Pinahihintulutan ng Programa ang mga Kwalipikadong Tagapag-empleyo na Magpetisyon para sa Non-Resident Workers sa CNMI

WASHINGTON—U.S. Inilathala ngayon ng Citizenship and Immigration Services (USCIS) ang isang panghuling na pansamantalang batas sa Federal Register na lumilikha ng isang Transitional Worker visa classification sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI). Ang CNMI-Only Transitional Worker Program ay isa sa ilang mga inisyatibo na nagpapatupad sa Consolidated Natural Resources Act of 2008 (CNRA), na nagpapalawak sa batas sa imigrasyon ng U.S. sa CNMI.

Bagama't ang batas sa imigrasyon ng U.S. ay aaplay sa CNMI simula sa Nobyembre 28, ang isang panahon ng transisyon ay magsisimula sa petsang iyon kung kailan magsasagawa ng mga pansamantalang gawain upang pahintulutan ang maayos na transisyon mula sa permit system ng CNMI patungo sa batas ng US sa imigrasyon. Ito ay magbibigay sa foreign workers (dayuhang manggagawa) ng panahon upang malaman ang angkop na klasipikasyon ng visa alinsunod sa Immigration and Nationality Act (INA).

Sa ilalim ng CNRA, ang isang "transitional worker" ay ipinakahulugan bilang isang alien worker na kasalukuyang hindi kwalipikado para sa ibang klasipikasyon sa ilalim ng INA at na nagseserbisyo o nagtratrabaho para sa isang tagapag-empleyo sa CNMI. Ang kategoriyang Transitional Worker Visa ay isang bagong nonimmigrant visa classification sa ilalim ng INA gamit ang admission code (kodigo ng pagpasok sa bansa) CW-1 para sa pangunahing transitional worker at CW-2 para sa mga dependent.

Ang CNMI-Only Transitional Worker Program ay makukuha ng dalawang grupo ng mga nonresident: (1) ang mga legal na nasa CNMI at (2) ang mga nasa ibang bansa.

Ang mga non-resident na nakatira sa CNMI ay maaaring klasipikahin bilang CW-1 nonimmigrants kung, sa panahon ng transisyon, sila'y:

1. Papasok o mananatili sa CNMI upang magtrabaho sa isang kategoriya ng trabaho na nangangailangan ng alien workers bilang dagdag sa mga lokal na manggagawa;
2. Pinetisyon ng isang tagapag-empleyo;
3. Nakatira sa CNMI;
4. Legal na nasa CNMI; at
5. Hindi sana makakapasok sa Estados Unidos sa ibang paraan.

Maaari ring gamitin ng mga tagapag-empleyo ng CNMI ang programa ng CW-1 upang makakuha ng kwalipikadong workers na nagpupunta sa CNMI mula sa ibang bansa.

Ang panahon ng transisyon ay magsisimula sa Nobyembre 28, 2009 at magtatapos sa ika-31 ng Disyembre 2014. Ang CW classification ay valid para sa buong panahon ng transisyon. Sa katapusan ng panahon ng transisyon, magtatapos ang CNMI-Only Transitional Worker Program at ang transitional workers na may ganitong status ay dapat magpalit sa ibang nonimmigrant o immigrant status sa ilalim ng INA upang manatili nang legal sa CNMI.

Sa ilalim ng CNMI-Only Transitional Worker program, ang mga tagapag-empleyo ay maaaring mag-file ng isang petisyon para sa isang transitional worker sa USCIS gamit ang Form I-129CW, Petisyon para sa

isang Nonimmigrant Worker sa CNMI. Ang bagong pormularyo na ito ay minodelo sa kasalukuyang Form I-129. Ang bayad para sa Form I-129CW ay $320, ang parehong halaga na sinisingil para sa I-129 at isang $80 biometrics fee. Bukod pa rito, ang CNRA ay nag-uutos ng isang "CNMI education funding fee" na $150 para sa bawat benepisyaryo bawat taon, at ito'y hindi maaaring hindi bayaran.

Dahil sa natatanging sitwasyon sa CNMI, ang I-129CW na singil ay maaari lamang ipawalang-bisâ sa mga 'di-karaniwang sitwasyon kung saan maipapakita ng isang tagapag-empleyo na hindi mababayaran ang fee ngunit mababayaran pa rin ang suweldo ng empleyado. Mayroong ilang mga restriksyon pero maaaring mag-file ang mga tagapag-empleyo para sa multiple beneficiaries sa iisang I-129CW. Ang mga tagapag-empleyo ay kailangang magsagawa ng legal na negosyo at hindi maaaring masangkot sa prostitusyon, trafficking sa mga menor-de-edad, o anumang ibang aktibidad na hindi legal sa ilalim ng pederal o CNMI na batas.

Sa ilalim ng pansamantalang pinal na batas, kabilang sa CNMI-Only Transitional Worker program ang lahat ng mga kategoriya ng trabaho na ginagamit ngayon sa CNMI. At para sa unang taon, ang mga limit sa bilang ng CW-1 status ay batay sa sariling tantiya ng gobyerno ng CNMI sa bilang ng mga nonresident worker, na 22,417. Pagkatapos ng unang taon, ibababâ ng Secretary of Homeland Security ang limit para dito.

Ang CW visa classification ay valid lamang sa CNMI at hindi batayan para sa pagbiyahe sa anumang ibang bahagi ng Estados Unidos, kabilang ang Guam. Oras na nakuha na ang status, ang CW-1 o CW-2 nonimmigrant ay maaari nang umalis sa CNMI at bumalik, pero dapat mayroon siyang angkop na visa upang makapasok muli.

Ang publiko ay hinihikayat na magsumite ng mga puna sa paggawa ng patakarang ito bago dumating ng Nobyembre 27, 2009. Dapat nakasulat ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa mga puna at ito'y dapat isumite sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Federal eRulemaking Portal: http://www.regulations.gov.
- E-mail: rfs.regs@dhs.gov. Isama ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa subject line.
- Mail: Chief, Regulatory Products Division, U.S. Citizenship and Immigration Services, Department of Homeland Security, 111 Massachusetts Avenue, NW., Suite 3008, Washington, DC 20529-2210. Upang masigurado ang angkop na paghawak dito, mangyaring isulat ang DHS Docket No. USCIS-2008-0038 sa inyong sulat.

– USCIS –